

# Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna

**SAPAGKAT**, mula noong Marso 2020, ang Illinois ay naharap sa isang pandemya na nagdulot ng pambihirang sakit at pagkawala ng buhay, na dinapuan ang higit sa 3,528,000, at kumitil ng buhay ng higit sa 34,300 na mga residente; at,

**SAPAGKAT**, ang pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng mga taga-Illinois ay kabilang sa pinakamahalagang tungkulin ng pamahalaan ng Estado; at,

**SAPAGKAT**, habang patuloy na tumutugon ang Illinois sa sakuna sa pampublikong kalusugan na dulot ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang bagong malubha at matinding karamdaman sa paghinga na mabilis na kumakalat sa pamamagitan ng transmisyon sa respirasyon, ang pasanin sa mga residente, mga tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan, mga unang tagatugon, at mga pamahalaan sa buong Estado ay patuloy na walang uliran; at,

**SAPAGKAT**, una nang ipinahayag ng World Health Organization na ang COVID-19 ay isang Kagipitan ng Pampublikong Kalusugang May Pandaigdigang Pakundangan noong Enero 30, 2020, at idineklara ng Kalihim ng Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos noong Enero 27, 2020 na ang COVID-19 ay naglalahad ng emerhensiya sa pampublikong kalusugan; at,

**SAPAGKAT**, noong Marso 11, 2020, inilarawan ng World Health Organization ang pagsiklab ng COVID-19 bilang isang pandemya, at ngayon ay nag-ulat ng higit sa 564 milyon na kumpirmadong mga kaso ng COVID-19 at higit sa 6.3 milyong pagkamatay na maiuugnay sa COVID-19 sa bung mundo; at,

**SAPAGKAT**, sa kabila ng mga pagsisikap na pigilin ang COVID-19, ang birus ay patuloy na kumakalat nang mabilis, na nagreresulta sa pangangailangan para sa mga pamahalaang pederal at Estado na patuloy na gumawa ng mga makabuluhang hakbang; at,

**SAPAGKAT**, ang mga bakuna sa COVID-19 ay epektibo upang maiwasan ang sakit na COVID-19, lalo na ang matinding karamdaman at pagkamatay, ngunit may bahagi ng populasyon ang nananatiling hindi nabakunahan kabilang ang ilang nakababatang mga bata na kamakailan lamang ay naging kwalipikado para sa pagbabakuna; at,

**SAPAGKAT**, noong Marso 9, 2020, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Illinois, ay idineklara ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad bilang tugon sa pagkalat ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, noong Marso 13, 2020, idineklara ng Pangulo ang isang pambansang emerhensiya alinsunod sa Seksyon 501(b) ng Robert T. Stafford Disaster Relief and Emergency Assistance Act, 42 U.S.C. 5121-5207 (ang “Stafford Act”), na sumasakop sa lahat ng mga estado at teritoryo, kabilang ang Illinois; at,

**SAPAGKAT**, noong Marso 26, 2020, idineklara ng Pangulo ang isang malaking sakuna sa Illinois alinsunod sa Seksyon 401 ng Stafford Act; at,

**SAPAGKAT**, noong Abril 1, 2020, dahil sa napakalawak na pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Abril 30, 2020, dahil sa patuloy na pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, ang nanganganib na kakapusan ng mga kama sa ospital, mga kama sa kwartong pang-emerhensiya, at mga bentilador, at ang hindi sapat na kapasidad sa pagsusuri, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Mayo 29, 2020, dahil sa patuloy na pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan na dagdagan ang

kapasidad sa pagsusuri, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Hunyo 26, 2020, dahil sa lalong pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan na patuloy na dagdagan ang kapasidad sa pagsusuri at panatilihin ang ating progreso laban sa sakit, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Hulyo 24, 2020, dahil sa muling pagsiklab ng COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan na patuloy na dagdagan ang kapasidad sa pagsusuri at panatilihin ang ating progreso laban sa sakit, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Agosto 21, 2020, dahil sa muling pagsiklab ng COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan na patuloy na dagdagan ang kapasidad sa pagsusuri at panatilihin ang ating progreso laban sa sakit, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Setyembre 18, 2020, dahil sa muling pagsiklab ng COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan na patuloy na dagdagan ang kapasidad sa pagsusuri at panatilihin ang ating progreso laban sa sakit, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Oktubre 16, 2020, dahil sa muling pagsiklab ng COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan na patuloy na dagdagan ang kapasidad sa pagsusuri at panatilihin ang ating progreso laban sa sakit, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Nobyembre 13, 2020, dahil sa mabilis na pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan na patuloy na dagdagan ang kapasidad sa pagsusuri at panatilihin ang ating progreso laban sa sakit, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Disyembre 11, 2020, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, ang mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan na patuloy na dagdagan ang kapasidad sa pagsusuri at panatilihin ang ating progreso laban sa sakit, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Enero 8, 2021, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Pebrero 5, 2021, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Marso 5, 2021, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Abril 2, 2021, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Abril 30, 2021, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Mayo 28, 2021, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Hunyo 25, 2021, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Hulyo 23, 2021, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Agosto 20, 2021, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, kabilang ang karagdagang panganib at pinsala ng Delta variant ng coronavirus, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Setyembre 17, 2021, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, kabilang ang karagdagang panganib at pinsala ng Delta variant ng coronavirus, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Oktubre 15, 2021, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, kabilang ang karagdagang panganib at pinsala ng Delta variant ng coronavirus, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Nobyembre 12, 2021, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, kabilang ang karagdagang panganib at pinsala ng Delta variant ng coronavirus, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Disyembre 10, 2021, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, kabilang ang karagdagang panganib at pinsala ng Delta at Omicron variant ng coronavirus, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Enero 7, 2022, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, kabilang ang karagdagang panganib at pinsala ng Delta at Omicron variant ng coronavirus, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Pebrero 4, 2022, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, kabilang ang karagdagang panganib at pinsala ng Delta at Omicron variant ng coronavirus, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Marso 4, 2022, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, kabilang ang karagdagang panganib at pinsala ng Delta at Omicron variant ng coronavirus, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Abril 1, 2022, dahil sa patuloy na mabilisang pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, kabilang ang karagdagang panganib at pinsala ng Omicron variant ng coronavirus and mga subvariant nito, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Abril 29, 2022, dahil sa patuloy na pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, kabilang ang karagdagang panganib at pinsala ng Omicron variant ng coronavirus and mga subvariant nito, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Mayo 27, 2022, dahil sa patuloy na pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, kabilang ang karagdagang

panganib at pinsala ng Omicron variant ng coronavirus and mga subvariant nito, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Hunyo 24, 2022, dahil sa patuloy na pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang patuloy na mga epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, kabilang ang karagdagang panganib at pinsala ng Omicron variant ng coronavirus and mga subvariant nito, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, habang ang mga pangyayaring nakapaligid sa COVID-19 ay nagbabago at lumitaw ang mga bagong ebidensya, madalas na may mga pagbabago sa impormasyon at gabay sa pampublikong kalusugan; at,

**SAPAGKAT**, ang walang ulirang likas na katangian ng COVID-19, kabilang ang mga resulta nito sa kalusugan hindi lamang sa respiratory system pero gayon din sa puso, utak, mga bato, at ang immune response ng katawan, ay ginawa at patuloy na ginagawang mahirap hulaan ang mga epekto at landas ng birus; at,

**SAPAGKAT**, ang Omicron variant ay mas naihahawa kaysa sa mga naunang variant at humantong sa makabuluhang pagtaas sa bilang ng mga kaso ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang mabilis na pagkalat ng Omicron variant ay nagresulta sa mas maraming mga pagkaka-ospital sa buong Estado kaysa sa anumang naunang punto sa panahon ng pandemya ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang isang bagong subvariant ng Omicron, BA.5, ay nagdulot ng mga pagtaas ng mga kaso, pagkaka-ospital, at pagkamatay sa ibang bahagi ng mundo, at humantong sa kamakailang pagtaas sa bilang ng mga kaso ng COVID-19 sa Estado; at,

**SAPAGKAT**, ang pisikal na pagdidistansya, mga pantakip sa mukha, at iba pang pag-iingat sa pampublikong kalusugan ay napatunayang mahalaga sa pagbagal at pagtigil ng pagkalat ng COVID-19, lalo na kapag mataas ang pagkalat ng sakit sa komunidad; at,

**SAPAGKAT**, ang Centers for Disease Control and Prevention (CDC) ay naglabas ng binagong patnubay noong Pebrero 25, 2022 upang alisin ang rekomendasyon nito para sa unibersal na pagsusuot ng mask sa loob, kasama ang mga setting ng K-12; at,

**SAPAGKAT**, ang patnubay na iyon ng CDC ay nagbigay ng balangkas para sa pagtatantiya ng mga antas ng COVID-19 sa komunidad batay sa mga pagkakaospital dahil sa COVID-19, pagkakaroon ng kama para sa inpatient, at bilang ng mga kaso ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang gabay ng CDC ngayon ay nagrerekomenda lamang ng unibersal na pagsusuot ng mask sa mga komunidad na may mataas na antas ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, patuloy na nagpapayo ang CDC na ang ilang mga setting ng komunidad, tulad ng mga paaralan at mga komunal na setting na may mataas na panganib ay maaaring mangailangan ng karagdagang mga layer ng pag-iingat batay sa mga katangian ng setting at kung sakaling magkaroon ng outbreak; at,

**SAPAGKAT**, ang ilang mga tao na nahawaan ng birus ay nananatiling walang sintomas ngunit gayunpaman ay maaaring ikalat ito sa iba; at,

**SAPAGKAT**, ipinapayo ng patnubay sa pampublikong kalusugan na ang pagbabawas sa pisikal na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tao na hindi pa ganap na nabakunahan at hindi naninirahan sa iisang sambahayan ay kritikal upang mapabagal ang pagkalat ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, habang kumakalat ang COVID-19 sa Illinois sa paglipas ng mga Gubernatorial Disaster Proclamation, ang mga pangyayaring nagdudulot ng sakuna sa buong Estado ay nagbago at patuloy na nagbabago, na ang pagbuo ng mga tiyak na hula sa landas ng birus sa mga darating na buwan ay sadyang napakahirap; at,

**SAPAGKAT**, noong panahong inilabas ko ang unang Gubernatorial Disaster Proclamation, mayroong 11 na kumpirmadong mga kaso ng COVID-19 sa isang lalawigan ng Illinois; at,

**SAPAGKAT**, sa ngayon, mayroong higit sa 3,528,000 na kumpirmadong mga kaso ng COVID-19 sa lahat ng 102 na lalawigan ng Illinois; at,

**SAPAGKAT**, ang unang pagkamatay na naiugnay sa COVID-19 sa Illinois ay inihayag noong Marso 17, 2020; at,

**SAPAGKAT**, sa ngayon, higit sa 34,300 na mga residente ng Illinois ang namatay dahil sa COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, mula sa umpisa, iminungkahi ng mga pag-aaral na sa bawat kumpirmadong kaso ay may marami pang mga kasong hindi nababatid, ang iba sa kanila ay mga indibidwal na walang sintomas na maaaring magpasa ng birus sa ibang tao nang hindi nalalaman; at,

**SAPAGKAT**, ang bilang ng mga bagong kaso ng COVID-19 sa Illinois ay tumaas kamakailan, at ang birus ay patuloy na humahawa sa napakaraming mga indibidwal at kumikitil ng buhay ng napakaraming mga taga-Illinois araw-araw; at,

**SAPAGKAT**, mahalaga para sa Estado na maghanda para sa mga potensyal na biglang pagdami at mga bagong variant ng COVID-19, gaya ng BA.5 Omicron subvariant; at,

**SAPAGKAT**, ang katotohanan na ang BA.5 Omicron subvariant ay nagdulot ng biglang pagtaas ng mga kaso, pagpapa-ospital, at pagkamatay sa ibang bahagi ng mundo, at humantong sa pagdami ng mga kaso at pagkaka-ospital sa Illinois, ay nagpapahiwatig na ang sitwasyon ng COVID-19 ay nananatiling tuluy-tuloy; at,

**SAPAGKAT**, ang pandemya ng COVID-19 ay hindi limitado sa mga pinaka-mataong lalawigan, at ang lahat ng mga rehiyon ng Estado ay patuloy na humaharap sa makabuluhang peligro ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, sa kawalan ng pag-iingat, ang COVID-19 ay maaaring kumalat nang malawakan, kahit na sa mga lugar na hindi gaano ang populasyon; at,

**SAPAGKAT**, ang Estados Unidos ay nagkaroon ng halos 90 milyong kabuuang mga kaso at higit sa 1,022,000 pagkamatay; at,

**SAPAGKAT**, ang COVID-19 ay kumitil ng mga buhay at patuloy na nakakaapekto sa kalusugan ng mga Itim at Hispanikong taga-Illinois sa napakataas na bilang – na sumasalamin sa mga makabuluhang pagkakaiba sa kalusugan at hindi pagkakapantay-pantay; at,

**SAPAGKAT**, ang Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Illinois ay pinagana ang Illinois Emergency Operations Plan at ang Emergency Support Function 8 Plan nito upang ayusin ang mga pagsusumikap sa emerhensiyang pagtugon ng mga ospital, mga lokal na kagawaran ng kalusugan, at mga sistema ng pamamahala ng emerhensiya upang maiwasan ang paglobo sa paggamit ng mga mapagkukunan at kakayahan ng ospital; at,

**SAPAGKAT**, habang ang birus ay kumakalat sa buong Illinois, ang krisis na kinakaharap ng Estado ay patuloy na lumalaki at nangangailangan ng isang umuusbong na tugon upang matiyak na ang mga ospital, mga propesyonal sa pangangalaga sa kalusugan at mga unang tumutugon ay magagawang matugunan ang mga pangangailangan sa pangangalaga sa kalusugan ng lahat ng mga taga-Illinois at sa paraang naaayon sa gabay ng CDC na patuloy na binabago; at,

**SAPAGKAT**, upang matiyak na ang mga propesyonal sa pangangalaga sa kalusugan, ang mga unang tumutugon, mga ospital at iba pang mga pasilidad ay maaaring matugunan ang mga pangangailangan sa pangangalaga sa kalusugan ng lahat ng mga residente ng Illinois, ang Estado ay dapat magkaroon ng mga kritikal na suplay, kabilang ang PPE, tulad ng mga mask, mga sanggalang sa mukha, mga gown, at guwantes; at,

**SAPAGKAT**, pinapanatili ng Estado ng Illinois ang imbakan na sumusuporta sa mayroon nang mga suplay at stock ng PPE sa iba't-ibang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan; at,

**SAPAGKAT**, habang ipinagpapatuloy ng Estado ang pagsisikap na makakuha ng sapat na suplay ng PPE, kapag ang mga nasabing pagsisikap ay naantala o kapag nakaranas ang Illinois ng pagtaas ng mga kaso ng COVID-19, maaaring maharap ang Estado sa kakulangan ng mga kritikal na suplay para sa mga manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan at mga unang tumutugon; at,

**SAPAGKAT**, patuloy na gumagamit ang Illinois ng isang makabuluhang porsyento ng mga kama sa ospital at mga kama ng ICU; at, kung patuloy na dumami ang kaso ng COVID-19, maaaring harapin ng Estado ang kakulangan ng mga kritikal na mapagkukunan ng pangangalaga sa kalusugan at tauhan ng pangangalaga sa kalusugan; at,

**SAPAGKAT**, ang mga epekto ng pandemyang COVID-19 ay nagresulta sa kakulangan sa buong bansa ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na nakakaapekto sa paghahatid ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa Illinois kabilang ang pagkakaroon ng mga tauhan, kama, at mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga pasilidad ng pangangalaga sa kalusugan, kabilang ang mga pasilidad na pinapatakbo ng Estado;

**SAPAGKAT**, sa panahon ng kamakailang Omicron wave, ang Illinois ay nagkaroon ng mas maraming pasyente ng COVID-19 na naospital sa buong Estado kaysa sa anumang iba pang punto sa panahon ng pandemya; at,

**SAPAGKAT**, bilang karagdagan sa pagiging sanhi ng malagim na pagkawala ng higit sa 34,300 na mga taga-Illinois at pagpinsala sa pisikal na kalusugan ng sampu-sampung libong iba pa, ang COVID-19 ay nagdulot ng malawakang kawalan sa ekonomiya at patuloy na nagbabanta sa kagalingan ng pananalapi ng isang makabuluhang bilang ng mga indibidwal at mga negosyo sa buong bansa at sa Estado; at,

**SAPAGKAT**, sa buong bansa, mahigit sa 80 milyong katao ang nagpahayag ng kawalan ng trabaho mula nang magsimula ang pandemya; at,

**SAPAGKAT**, ang Illinois Department of Employment Security ay tumutugon sa krisis sa ekonomiya sa maraming paraan upang matugunan ang mga walang ulirang epekto ng pandemya sa ekonomiya; at,

**SAPAGKAT**, ang Department of Commerce and Economic Opportunity ay nagtatrabaho upang matugunan ang krisis sa ekonomiya, kabilang ang mga tulong na programa tulad ng Business Interruption Grants Program para sa mga negosyo na nakaranas ng limitadong kakayahang tumakbo dahil sa mga pagsasara na may kaugnayan sa COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, maraming mga ehekutibong ahensya sa Estado ang itinuon ang kanilang makabuluhang pinagkukunang-yaman sa nagpapatuloy na pagtugon sa pandemya ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, maraming mga ahensya ng Estado ang magkakaroon ng tungkulin sa pangangasiwa ng American Rescue Plan at Coronavirus State and Local Fiscal Recovery Funds sa mga darating na buwan; at,

**SAPAGKAT**, ang pagbagsak ng ekonomiya at kawalang seguridad na dulot ng COVID-19 ay nagbabanta sa kakayahang kumita ng negosyo at ang kakayahang magkaroon ng bahay, pangangalagang medikal, pagkain, at iba pang mga kritikal na mapagkukunan na direktang nakakaapekto sa kalusugan at kaligtasan ng mga residente; at,

**SAPAGKAT**, ang COVID-19 ay labis ding nakakagambala sa mga paaralan, at ito ay kabilang sa pinakamataas na prayoridad ng Estado upang matiyak na ang mga mag-aaral ay makakakuha ng de-kalidad na edukasyon at ang mga paaralan ay makapagbibigay ng isang kapaligiran na ligtas para sa mga mag-aaral, mga guro, at sa komunidad; at,

**SAPAGKAT**, batay sa mga naunang katotohanan, at pagsasaalang-alang sa mabilis na pagkalat ng COVID-19 at ang patuloy na mga epekto nito sa kalusugan at ekonomiya na madarama sa darating na buwan ng mga tao sa buong Estado, ang mga kasalukuyang kalagayan sa Illinois na nakapalibot sa pagkalat ng COVID-19 ay bumubuo ng epidemikong emerhensiya at emerhensiya sa pampublikong kalusugan sa ilalim ng Seksyon 4 ng Illinois Emergency Management Agency Act; at,

**SAPAGKAT**, batay sa naunang nabanggit, ang patuloy na pasanin sa mga mapagkukunan sa ospital, ang patuloy na potensyal na ang Estado ay maaaring maharap sa kakulangan ng mga mapagkukunang ito sa kaganapan ng pagdagsa ng impeksyon, at ang kritikal na pangangailangan na dagdagan ang pagbili at pamamahagi ng PPE pati na rin ang patuloy na pagpapalawak sa kapasidad sa pagsusuri ng COVID-19 ay bumubuo ng isang emerhensiya sa pampublikong kalusugan sa ilalim ng Seksyon 4 ng Illinois Emergency Management Agency Act; at,

**SAPAGKAT**, patakaran ng Estado ng Illinois na maging handa upang matugunan ang anumang mga sakuna at, samakatuwid, kinakailangan at naaangkop na gawing available ang mga karagdagang mapagkukunan ng Estado upang matiyak na ang ating sistema sa paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan ay may kakayahang pagsilbihan ang mga may sakit at ang mga taga-Illinois ay manatiling ligtas at siguradong makakakuha ng pangangalagang medikal; at,

**SAPAGKAT**, ang proklamasyong ito ay tutulong sa Estado sa pagpapadali ng pagbawi ng ekonomiya para sa mga indibidwal at mga negosyo sa isang pagsisikap upang maiwasan ang karagdagang mapaminsalang mga kahihinatnan mula sa kawalang-katatagan ng ekonomiya na dulot ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang proklamasyong ito ay tutulong sa mga ahensya ng Illinois sa pag-uugnay ng mga mapagkukunan ng Estado at Pederal, kabilang ang mga materyales na kinakailangan sa pagsusuri sa COVID-19, personal na kagamitan sa proteksyon, at mga gamot, sa isang pagsisikap na suportahan ang mga tugon ng Estado pati na rin ang mga tugon ng mga lokal na pamahalaan sa kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan; at,

**SAPAGKAT**, ang proklamasyong ito ay tutulong sa mga ahensya ng Illinois sa pag-uugnay ng mga pondo ng Estado at Pederal; at,

**SAPAGKAT**, ang mga kondisyong ito ay nagbibigay ng legal na katwiran sa ilalim ng Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act para sa bagong pagpapalabas ng isang proklamasyon ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, ang Konstitusyon ng Illinois, sa Artikulo V, Seksyon 8, ay nagsasabi na “ang Gobernador ay magkakaroon ng kataas-taasang kapangyarihan na ehekutibo, at mananagot para sa matapat na pagpapatupad ng mga batas,” at nagsasabing, sa Preamble, na ang isang pangunahing layunin ng Konstitusyon ng Illinois ay “magbigay para sa kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng mga tao”;

**NGAYON, SAMAKATUWID**, sa interes ng pagtulong sa mga mamamayan ng Illinois at mga lokal na pamahalaan na responsable sa pagtiyak sa pampublikong kalusugan at kaligtasan, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Estado ng Illinois, ay nagpapahayag ng mga sumusunod:

**Seksyon 1.** Alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7, nakita ko na ang isang sakuna ay umiiral sa loob ng Estado ng Illinois at partikular na idineklara ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad. Pinapahintulutan ng proklamasyon ang paggamit ng lahat ng mga kapangyarihang pang-emerhensiya na ibinigay sa Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7, kabilang ngunit hindi limitado sa mga partikular na kapangyarihang pang-emerhensiya na nakasaad sa ibaba.

**Seksyon 2.** Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois at ang Illinois Emergency Management Agency ay inatasan upang makipag-ugnay sa bawat isa tungkol sa pagpapalano at pagtugon sa kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan.

**Seksyon 3.** Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois ay inatasan pa upang makipagtulungan sa Gobernador, iba pang mga ahensya ng Estado at lokal na awtoridad, kabilang ang mga lokal na awtoridad sa pampublikong kalusugan, sa pagbuo at pagpapatupad ng mga estratehiya at plano na maprotektahan ang pampublikong kalusugan na may kaugnayan sa kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan.

**Seksyon 4.** Ang Illinois Emergency Management Agency ay inatasan na ipatupad ang State Emergency Operations Plan upang ayusin ang mga mapagkukunan ng Estado upang suportahan ang mga lokal na pamahalaan sa pagtugon sa sakuna at mga operasyon sa panunumbalik.

**Seksyon 5.** Upang makatulong sa mga emerhensiyang pagbili na kinakailangan sa pagtugon at iba pang mga pang-emerhensiyang kapangyarihan na awtorisado ng Illinois Emergency Management Agency Act, ang mga probisyon ng Illinois Procurement Code na sa anumang paraan ay pinipigilan, hinahadlangan o inaantala ang mga kinakailangang aksyon para makayanan ang sakuna ay sinuspinde hanggang sa panahon na hindi sila hinihiling ng batas pederal. Kung kinakailangan, at alinsunod sa Seksyon 7(1) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7(1), ang Gobernador ay maaaring gumawa ng naaangkop na aksyong ehekutibo upang suspindihin ang mga karagdagang batas, mga kautusan, mga patakaran, at mga regulasyon.

**Seksyon 6.** Alinsunod sa Seksyon 7(3) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7(3), ang proklamasyong ito ay nagpapagana sa awtoridad ng Gobernador, kung kinakailangan, upang ilipat ang pamamahala, tauhan o tungkulin ng mga kagawaran at ahensya ng Estado o yunit nito para sa layunin ng pagsasagawa o pagpapadali ng mga programa sa pagtugon sa emerhensiya.

**Seksyon 7.** Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois, Illinois Department of Insurance at ang Illinois Department of Healthcare and Family Services ay inatasan na magrekomenda, at, kung naaangkop, ay gumawa ng mga kinakailangang aksyon upang matiyak ang pinalawak na pag-access sa pagsusuri para sa COVID-19 at ang mga mamimili ay hindi nahaharap sa mga hadlang sa pananalapi sa pag-access sa mga diagnostic na pagsusuri at serbisyo sa paggamot para sa COVID-19.

**Seksyon 8.** Ang Illinois State Board of Education ay inatasan na magrekomenda, at, kung naaangkop, ay gumawa ng mga kinakailangang aksyon upang matugunan ang anumang epekto sa pag-aaral na nauugnay sa kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan at upang patuloy na maibsan ang anumang mga hadlang sa paggamit ng pag-aaral sa labas ng paaralan sa panahon ng epekto ng proklamasyong ito na umiiral sa Illinois School Code, 105 ILCS 5/1-1 et. seq.

**Seksyon 9.** Ang lahat ng mga ahensya ng Estado ay inatasan na makipagtulungan sa Gobernador, iba pang mga ahensya ng Estado at lokal na awtoridad sa pagbuo at pagpapatupad ng mga estratehiya at plano upang makayanan at makabawi mula sa pang-ekonomiyang epekto ng kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan.

**Seksyon 10.** Alinsunod sa Seksyon 7(14) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7(14), ang mga pagtaas sa presyo ng mga kalakal o serbisyo, kabilang ang mga medikal na gamit, kagamitan sa proteksiyon, mga gamot at iba pang mga gamit na inilaan upang makatulong sa pag-iwas sa o paggamot at pagbawi sa COVID-19, ay ipinagbabawal sa Estado ng Illinois habang ang proklamasyong ito ay ipinapatupad.

**Seksyon 11.** Maaaring mapadali ng proklamasyong ito ang mga kahilingan para sa emerhensiyang pederal at/o tulong sa kalamidad kung ang isang kumpleto at komprehensibong pagtatasa ng pinsala ay nagpapahiwatig na ang epektibong pagbawi ay lampas sa mga kakayahan ng Estado at ng mga apektadong lokal na pamahalaan.

**Seksyon 12.** Ang proklamasyong ito ay kaagad na ipatutupad at mananatiling may bisa sa loob ng 30 araw.

**Bilang Patunay sa Lahat ng Ito,** *ako ay lumalagda at naging sanhi upang mailagay ang Great Seal ng Estado ng Illinois.*

*Isinagawa sa Kapitolyo sa Lungsod ng  
Springfield, ngayong ika-22 ng Hulyo sa  
Taon ng Atang Panginoon, dalawang*



*libo at dalawampung't dalawa at ng Estado  
ng Illinois dalawang daan at apat.*

KALIHIM NG ESTADO

GOBERNADOR